③

Espesyal na Pautang ng Pang-Emergency na Maliit na Pondo atbp. dahil sa Epekto ng COVID-19

# Tungkol sa Espesyal na Pautang na nasasakop sa Exemption sa Pagbabayad

Tungkol sa inaplayan hanggang Marso 2022 na **«Pang-Emergency na Maliit na Pondo»** at **«Unang Beses ng Komprehensibong Pansuportang Pondo»,** kahit **pinatawan ng buwis** ng residence tax para sa piskal na taong 2021 o 2022, magiging **exempt** sa pagbabayad (pagsasauli ng hiniram na pera) ng bahagi ng pautang ang sambahayang **exempted sa buwis** ng residence tax para sa piskal na taong 2023.

**Mangyaring kumpirmahin ang prosesong naaangkop sa inyo batay sa flowchart sa ibaba.**

● **Flowchart para kumpirmahin kung nasasakop sa exemption**

Exempted ba sa «per capita rate at income rate din» ng residence tax sa **piskal na taong 2023** ang taong umutang (taong humiram ng pera)

- Exempted sa buwis → Sino ang kasalukuyang puno ng sambahayan?
  - Ang nanghihiram mismo → Magbibigay kami ng impormasyon tungkol sa proseso
  - Ibang sambahayan → Magbibigay kami ng impormasyon tungkol sa proseso
  - Liban sa taong umutang → Noong panahong umutang din ba nasa parehong sambahayan ang kasalukuyang puno ng sambahayan?
    - Parehong sambahayan → Exempted ba sa «per capita rate at income rate din» ng residence tax sa **piskal na taong 2023** ang kasalukuyang puno ng sambahayan?
      - Exempted sa buwis → Magbibigay kami ng impormasyon tungkol sa proseso
      - Pinatawan ng buwis → Hindi nasasakop sa exemption
- Pinatawan ng buwis → Hindi nasasakop sa exemption

* Mangyaring kumpirmahin sa tanggapan ng munisipalidad kung exempted kayo sa buwis o hindi

## Magbibigay kami ng impormasyon tungkol sa proseso

**Mangyaring tumawag sa call center 058-201-2100 tungkol sa proseso**

**Pagkatapos kumpirmahin kung sumasailalim, ipapadala sa koreo ang application form para sa exemption mula sa samahang ito**

## Hindi nasasakop sa exemption

② Mangyaring kumpirmahin **ang abiso tungkol sa balanseng babayaran**

**[Kahilingan]**

● Mangyaring kumuha ng sumusunod na dokumento sa tanggapan ng munisipalidad, at kumpirmahin tungkol sa kung exempted sa per capita rate at income rate din ng residence tax.

| |
|---|
| **Sertipiko ng exempted sa buwis para sa piskal na taong 2023 na maaaring iisyu sa bandang Hunyo 2023** |

● Kung hindi gumawa ng pag-uulat ng kita o pag-adjust ng buwis sa katapusan ng taon, maaaring hindi maisyuhan ng sertipiko ng pinatawan ng buwis at sertipiko ng exempted sa buwis kapag hindi gumawa ng pag-uulat para sa residence tax.
Tungkol sa paraan ng pag-uulat para sa residence tax, mangyaring magtanong sa dibisyon ng pagbubuwis sa munisipalidad kung saan kayo nakatira (magkakaiba ang form ng pag-uulat ayon sa munisipalidad).

● Mangyaring magtanong habang maaga dahil maaaring matagalan ang pagpapadala sa koreo ng application form para sa exemption.

**Deadline ng pagsusumite ng application form para sa exemption: Setyembre 29 (Biyernes)**
*** Balido ang may tatak-koreo hanggang sa araw na ito**

Espesyal na Pautang ng Pang-Emergency na Maliit na Pondo atbp. dahil sa Epekto ng COVID-19

# Tungkol sa Espesyal na Pautang na nasasakop sa Exemption sa Pagbabayad

Tungkol sa Espesyal na Pautang ng Pang-Emergency na Maliit na Pondo atbp. dahil sa Epekto ng COVID-19 na pinahihiram ng samahang ito, kung sumasailalim ang taong umutang sa nakasulat sa ibaba, ma-**exempt** sa pagbabayad ng pautang (pagsasauli ng hiniram na pera) sa pamamagitan ng pagbibigay mula sa samahang ito ng notipikasyon sa pagpasya ng exemption pagkatapos ng aplikasyon.

● **Flowchart para kumpirmahin kung nasasakop sa exemption**

| ① | ② |
|---|---|
| **Tumatanggap ng pampublikong tulong (seikatsu hogo)** | **Inisyuhan ng Sertipiko ng Mental na Kapansanan (Level 1) o Sertipiko ng Pisikal na Kapansanan (Level 1 o Level 2) o Sertipiko ng Intelektwal na Kapansanan (A1 o A2)** |

## Magbibigay kami ng impormasyon tungkol sa proseso

**Mangyaring tumawag sa call center 058-201-2100 tungkol sa proseso**

**Pagkatapos kumpirmahin kung sumasailalim, ipapadala sa koreo ang application form para sa exemption mula sa samahang ito**

***Paunawa***

● **Hindi awtomatikong ma-eexempt. Kinakailangan ang aplikasyon.**
Mangyaring tumawag sa **call center 058-201-2100** tungkol sa proseso para sa exemption

● **Hindi nasasakop sa exemption ang halagang binayad hanggang sa pagpasya ng exemption.**

---

Mayroong pagbabago sa pangalan o tirahan → Oo → ⑤ Mangyaring magsumite ng **Notipikasyon tungkol sa Pagbabago ng Pangalan/Tirahan**